REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-91

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KARAPATAN SA PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT NG RESEARCH INSTITUTE FOR TROPICAL MEDICINE (RITM) AT NG BUREAU OF ANIMAL INDUSTRY (BAI) UKOL SA PROYEKTONG KAMPANYA LABAN SA RABIES.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Arturo S. Bunyi

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay may pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 93-90 na tinatatag ang Muntinlupa Rabies Control Council at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito;

SAPAGKAT, likas sa bawat isa ang magpanatili o mag-alaga ng alinmang uri ng hayop lalo na ng aso;

SAPAGKAT, ang hayop na nabanggit ay kadalasang nakatali at nagpapalaboy-laboy lamang kung kaya't madalas na ito ay nakakakagat o nakasasakmal ng tao;

SAPAGKAT, halos lahat ng uri nito ay walang anti-rabies shot na nagiging sanhi upang ang mga nakagat nito ay maging hantad sa virus na dulot ng laway ng asong mayroon nito;

SAPAGKAT, upang maiwasan o bawasan ang insidente ng biktima ng rabies, ang Pamahalaang Bayan sa pakikipag-ugnayan sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM) at Bureau of Animal Industry (BAI) ay magbabalangkas ng programa para dito;

SAPAGKAT, upang ang proyekto ay magkaroon ng legal na basehan ay karapat-dapat lamang na mapagkalooban ng Sangguniang Bayan ng karapatan ang Punongbayan alinsunod sa itinatakda ng R.A. 7160 o ng Local Government Code;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na nagbibigay karapatan sa Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye na pumasok at lumagda sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM) at ng Bureau of Animal Industry (BAI) ukol sa proyektong kampanya laban sa rabies.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-54th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-6 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan